Pangalan: ________________________________
Petsa: _______________ Nakuhang Puntos: _____________

A. Panuto : Isulat ang **Tama** kung wasto ang kaisipan at **Mali** kung di-wasto ang mga kaisipan. Iwasto ang salitang nagpamali sa pangungusap.

_____ 1. Napagtanto ni Brahman na higit na mahalaga ang pamilya kaysa kayamanan. Ang pahayag na ito ay makatotohanan.

_____ 2. Sa loob ng <u>isang taon</u> ay nakapag-ipon ng maraming pera si Brahman. Ang mga salitang may salungguhit ay pang-abay na panlunan.

_____ 3. Nanguna ang raha sa pagpanhik sa trono sa pagnanais na maging matalino sa pagpapasya tulad ng batang raha. Ito'y nagpapakita ng kanyang paghahangad.

_____ 4. Napangisi siya ng lihim at sinabing, "akin na ang pamilya mo". Ang tauhan ay mapagmahal.

_____ 5. <u>Pangising sumulyap</u> ang nilalang sa magbiyenan. Ang salitang may salungguhit ay pang-abay na Pamanahon.

B. **Panuto**: Piliin sa kahon ang angkop na pang-ugnay sa pagbuo ng mga pangungusap.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Una | Sunod | Sa dakong huli | Sa wakas |
| Bilang pagtatapos | | Pagkatapos | Sa/nang sumunod na araw |
| Kung gayon | | Sa lahat na ito | |

6. ___________ mabibigyan na ng solusyon ang COVID 19 dahil may bakuna na.

7. ___________ ng mga bagyong nagdaan hindi pa rin nakababangon ang mga nasalanta.

8. ___________ dapat gawin ng mga nanunungkulan sa bayan ay ang magkaroon ng malasakit sa nawalan ng trabaho.

9. ___________ dapat maging responsableng mamamayan ang mga Pilipino upang mawala na ang Covid 19.

10. ___________ magtatagumpay ang lahat ng Pilipino kung magtutulungan tayo.

C. **PANUTO:** Sagutin at isulat ang letra ng tamang sagot sa patlang.

_____ 11. Ito ay mga katagang ginagamit sa pag-uugnay sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayaring pasalaysay at paglilista ng mga ideya , pangyayari at iba sa paglalahad.

A. Pang-ugnay

B. Pangatnig

C. Transitional Devices

D. Pang-angkop

______12. Ang paksa nito ay hango sa mga pangyayaring mula sa totoong buhay.

A. Maikling kuwento

B. Alamat

C. Nobela

D. Sanaysay

______13. Nagsisimula sa suliranin tungo sa pagsasalungatan na maaaring sa kapwa tauhan, sa kalikasan at sa sarili.

A. Kaisipan

B. Wakas

C. Paksang-diwa

D. Tunggalian

______14. Ito ay bahagi ng pananalitang nagbibigay-turing o naglalarawan sa pandiwa, pang-uri at kapwa pang-abay.

A. Pandiwa

B. Pang-abay

C. Pang-ugnay

D. Pantukoy

______15. Ito ay nagbibigay-turing sa pandiwa na naglalarawan kung paano ginagawa ang kilos. Sumasagot ito sa tanong na Paano.

A. Pang-abay na panlunan

B. Pang-abay na pamaraan

C. Pang-abay na pamanahon

D. Pang-abay na pananggi

D. **PANUTO:** Piliin ang pang-abay na ginamit sa pangungusap at isulat ang uri nito.

______16. Pagkaraan ng ilang linggo ay halos mapuno ang banga ng ginto at salaping inihandog ng mga kamag-anak.

Pang-abay:________________________

Uri ng Pang-abay:__________________

______17. Niyakap niya ng mahigpit ang asawa pag-uwi ng bahay.

Pang-abay:________________________

Uri ng Pang-abay:__________________

______18. Kailangan niyang pumasok sa bote para patunayang totoo ang kaniyang sinasabi.

Pang-abay:______________________

Uri ng Pang-abay:_________________

______19. Simula ngayon, uunahin ko na ang kapakanan ng aking pamilya kaysa sa kayamanang sisira sa aming samahan.

Pang-abay:______________________

Uri ng Pang-abay:_________________

______20. Umakyat siya nang mabilis sa trono upang walang makahalili sa kaniya.

Pang-abay:______________________

Uri ng Pang-abay:_________________